




International
Labour
Organization

► **Pandaigdigang panawagan sa pagkilos**

para sa nakasentro sa taong pagbangon mula
sa krisis ng COVID-19 na mapanlahat,
napananatili at matatag



▶ **Pandaigdigang panawagan sa pagkilos**

para sa nakasentro sa taong pagbangon mula sa krisis ng COVID-19 na mapanlahat, napananatili at matatag

2021

Ang Pangkalahatang Kumperensya ng Pandaigdigang Organisasyon sa Paggawa o *General Conference* ng *International Labour Organization*,

Matapos matanggap ang panukala na ginawa ng Komite ng Kumperensya sa Tugon sa COVID-19,

Isinasaalang-ala ang agarang pangangailangan para sa pagkilos upang tiyakin ang isang nakasentro sa taong pagbangon mula sa krisis ng COVID-19 na mapanlahat, napananatili at matatag,

Pinagtitibay, ngayong ikalabing-pitong araw ng Hunyo taong dalawang libo at dalawangpu't isa, ang sumusunod na resolusyon

Isang pandaigdigang panawagan sa pagkilos para sa nakasentro sa taong pagbangon mula sa krisis ng COVID-19 na mapanlahat, napananatili at matatag

1. Ang sakit na coronavirus (COVID-19) na pandemya ay nagkakaroon ng matinding epekto sa sangkatauhan, binibigyang-diin ang pagtutulongan ng lahat ng miyembro ng lipunan at ng mga bansa.
2. Dagdag sa kalunus-lunos na pagkawala ng buhay at pinsala sa kalusugan ng tao at komunidad, ang pandemya ay may marahas na epekto sa mundo ng trabaho. Nagbunsod ito ng pagtaas ng bilang ng nawalan ng trabaho, underemployment at kawalan ng gawa; pagkawala ng kita mula sa paggawa at negosyo, lalo sa mga sektor na labis na naapektuhan; pagsasara ng mga negosyo at pagkalugi, partikular ang mga maliliit na negosyo o *micro, small at medium-sized enterprises*; pagkaantala sa daloy ng suplay o *supply chain*; impormal at kawalan ng katiyakan sa trabaho at kita; mga bagong pagsubok sa kalusugan, kaligtasan at karapatan sa trabaho; at pinalala ang kahirapan at hindi pagkakapantay-pantay sa ekonomiya at lipunan.
3. Ang krisis ay nakaapekto sa mga pinakadehado at mahina, partikular na ang mga indibidwal sa impormal na ekonomiya at sa mga uri ng trabahong walang katiyakan; mga nagtatrabaho na may mababang kasanayan; mga migrante at kabilang sa mga etniko at lahing minorya; matatanda; at mga may kapansanan o nabubuhay na may HIV/AIDS. Ang epekto ng krisis ay pinalala ang umiiral na kakulangan sa disenteng trabaho, pagtaas ng kahirapan, mas pinalawak na hindi pagkakapantay-pantay at inilantad na *digital gaps* sa loob at sa mga bansa.

4. Ang mga kababaihan ay nagdusa sa hindi patas na trabaho at kawalan ng kita, kabilang ang kanilang labis na representasyon sa mga pinakaapektadong sektor, at marami ang patuloy na nagtatrabaho sa *front line*, pinapanatili ang sistema ng pangangalaga, ekonomiya at lipunan, habang madalas ding gumagawa ng karamihan sa walang bayad na pangangalagang trabaho, na binibigyang-diin ang pangangailangan para sa pagbawi na tumutugon sa kasarian.
5. Ang krisis ay labis na naantala ang edukasyon, pagsasanay at pagtatrabaho ng kabataan, na lalong nagpahirap sa kanila na makahanap ng trabaho, matagumpay na makatransisyon mula sa edukasyon at pagsasanay tungo sa pagtatrabaho, magpatuloy sa pag-aaral, o magsimula ng negosyo at nakaambang mas mababang trahektoryo ng kita at pag-unlad ng kanilang buhay-pagtatrabaho.
6. Kung walang sama-samang pagkilos ng mga gobyerno, organisasyon ng mga nagpapatrabaho at ng mga manggagawa, at ng pandaigdigang komunidad, ang mga magkakaibang epekto nito ay titiisin ng higit pa sa pandemya mismo, na may malalim na mga implikasyon sa pagkamit ng panlipunang katarungan at disenteng trabaho para sa lahat, kabilang ang buo, produktibo at malayang piniling empleyo, at lalong babaligtarin nito ang mga natamo at mas babagal ang pag-unlad upang makamit ang mga layunin ng United Nations 2030 Adyenda para sa Napananatiling Kaunlaran.
7. Ang agaran at sabay-sabay na pagkilos, kabilang sa multilateral na konteksto, ay kailangan upang tiyakin na ang lahat ng tao ay may akma, patas, abot-kaya at pandaigdigang akses sa kalidad, ligtas at epektibong bakuna kontra COVID-19, paggamot at pamamaraang pigilan, gaya ng teknolohiya sa kalusugan, pagsusuri, lunas at iba pang produkto kontra COVID-19, na patas ang pamamahagi sa lahat ng antas ng lipunan, na mahalaga para sa kaligtasan at kalusugan, sa pagsupil ng lumalaking hindi pagkakapantay-pantay sa loob at pagitan ng mga bansa, at upang muling mapasigla ang mga ekonomiya at mabuo ang mahusay na pagsulong.

8. Ang ILO Sentenaryong Deklarasyon para sa Kinabukasan ng Trabaho, 2019 o *Centenary Declaration for the Future of Work*, 2019, na nagsusulong ng nakasentro sa taong pamamaraan, batay sa natatanging istrukturang tatluhang-panig o *tripartite* at normatibo na mandato ng International Labour Organization (ILO), ay nagbibigay ng pundasyon para sa pagbangon na mapanlahat, napananatili at matatag at sumusuporta sa makatarungang transisyon. Nagbibigay ang Deklarasyon ng positibong pananaw at road map kung paano ang mga bansa ay makakabuo ng mahusay na pagsulong. Ang mas mabilis na implementasyon nito sa pamamagitan ng pagtaas ng diin at pamumuhunan ay dapat na maging pangunahing prayoridad ng pampublikong polisiya, pagkilos ng mga negosyo at pandaigdigang kooperasyon.

► **I. Agarang pagkilos upang isulong ang nakasentro sa taong pagbangon na mapanlahat, napananatili at matatag**

9. Kami, mga gobyerno at organisasyon ng nagpapatrabaho at ng mga manggagawa, ay nangangako na indibidwal at kolektibong magtutulungan na may suporta ng ILO para sa nakasentro sa taong pagbangon mula sa krisis ng COVID-19 sa pamamagitan ng nakatuon at pinabilis na implementasyon ng ILO Sentenaryong Deklarasyon, sa gayon ay maisulong ang pag-unlad tungo sa mapanlahat, napananatili at matatag na pag-unlad na may disentang trabaho para sa lahat.
10. Kami ay nangangako na tutugunan ang pandaigdigang dimensyon ng krisis sa pamamagitan ng mas matibay na internasyonal at rehiyonal na kooperasyon, pandaigdigang pagkakaisa at magkakaugnay na mga polisiya sa ekonomiya, lipunan, kalikasan, sangkatauhan at kalusugang saklaw, upang maisagawa ng lahat ng mga bansa na malampasan ang krisis at mapabilis ang pagsulong tungo sa pagkamit ng 2030 Adyenda, ang Paris na Kasunduan ng United Nations Framework Convention sa Pagbabagong Klima at ang Addis Ababa Aksyon Adyenda ng Ikatlong Pandaigdigang Kumperensya para sa Kaunlaran.

11. Kami ay nangangako na ilalagay ang layunin ng buo, produktibo at malayang piniling empleyo at disenteng trabaho, ang mga pangangailangan ng mga pinakamahina at pinakaapektado ng pandemya, ang suporta sa napananatiling negosyo, trabaho at kita sa puso ng mga stratehiya na tumutugon sa kasarian, upang bumuo ng mahusay na pagsulong mula sa krisis, na akma sa mga partikular na sitwasyon at isinasaalang-ala ang mga pambansang kalagayan at prayoridad, kabilang ang pagtutulungan sa:

A. Mapanlahat na kaunlarang ekonomiya at empleyo

- a. magbigay ng malawakan, hitik sa trabahong pagbangon na may mga disenteng trabahong oportunidad sa lahat sa pamamagitan ng pinagsama-samang pambansang polisiya sa empleyong mga tugon, na kinikilala ang mahalagang papel ng mga pribado at pampublikong sektor at ng panlipunan at pagkakaisang ekonomiya, kabilang ang:
 - i. suportang makroekonomiya, piskal at industriyal na polisiyang magsusulong ng pagkakapantay-pantay at katatagan; at
 - ii. naaayong pampubliko at pribadong pamumuhunan sa mga sektor na labis na tinamaan ng krisis, gaya ng hospitality, turismo, transportasyon, sining at libangan, at ilang bahagi ng tingi, at mga may malakas na potensyal na lumikha ng maraming disenteng trabahong oportunidad, gaya ng pangangalagang ekonomiya, edukasyon at pagpapaunlad ng imprastruktura;
- b. isagawa ang pinabilis na pagbangon tungo sa napananatiling paglalakbay at turismong sektor, na isinasaisip ang matinding pangangailangan sa mga manggagawa na katangian nito at ang mahahalagang papel nito sa mga bansang umaasa sa turismo, kabilang ang mga Maliliit na Islang Umuunlad na mga Bansa;
- c. isulong ang pandaigdigang pagkakaisa sa pamamagitan ng suporta para sa mga umuunlad na bansang nakararanas ng pagbabawas sa piskal at pera sanhi ng krisis sa usaping polisiyang pananalapi o sa kahirapang mapanatili ang panlabas na obligasyong makapagbayad-utang;

- d. suportahan ang pagpapatuloy ng mga negosyo at isang mapanghikayat na kapaligiran para sa inobasyon, paglago ng pagiging produktibo at napananatiling negosyo, kabilang ang mga maliliit na negosyo o *micro, small at medium-sized enterprises*, na kinikilala ang mahalagang papel ng mga napananatiling negosyo bilang tagapaglikha ng mga empleyo at tagapagsulong ng inobasyon at disenteng trabaho;
- e. magbigay ng mga insentibo sa mga nagpapatrabaho na mapanatili ang mga manggagawa sa kabila ng mga ugnay sa krisis na pagbabawas ng aktibidad sa negosyo, gaya ng paghahati-hati ng trabaho at pinaikling mga linggo ng pagtatrabaho, nakatarget na subsidiya sa sahod, pansamantalang patakaran kaugnay ng buwis at buwanang kontribusyon sa panlipunang seguridad, at akses sa mga hakbang na suportahan ang negosyo upang mapanatili ang trabaho at patuloy na kita;
- f. palakasin ang pambansang sistema ng empleyong serbisyo at mga pambansang polisiya upang makapagbigay ng mas kalidad na empleyong serbisyo para sa mga manggagawa at nagpapatrabaho upang pagaanin ang labis na epekto ng krisis sa ekonomiya at pagkaantala ng merkado ng paggawa, na may pagkilala, kung saan naaayon, ang komplementaryong papel ng pribadong empleyong serbisyo na kapag naayos ang regulasyon batay sa mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa, kabilang ang pagbabawal sa paniningil ng bayad at gastos sa mga manggagawa;
- g. suportahan ang kalidad ng edukasyon, pagsasanay at disenteng trabaho para sa kabataan, upang mapalawak ang kanilang potensyal bilang sanhi ng dinamismo, talento, pagkamalikhain at inobasyon sa mundo ng trabaho at bilang puwersang magtutulak na hubugin ang mas magandang kinabukasan ng trabaho;
- h. palakasin ang pampubliko at pribadong pamumumuhan sa pagpapaunlad ng kasanayan at kaalamang habambuhay, kabilang sa pamamagitan ng malawakang akses sa edukasyong may kalidad at mas patas at epektibong akses sa

pagsasanay, kabilang ang apprenticeships, gabay sa career, pagpapataas ng kasanayan at muling pagsasanay, at sa iba pang aktibong polisiya sa merkado ng paggawa at sa mga pagtutulongang magbubunsod ng matagumpay na transisyon sa merkado ng paggawa at mabawasan ang mga hindi pagkakatugma-tugma ng mga kasanayan, puwang at kakulangan, kabilang ang para sa mga may mababang kasanayan at matagal na hindi naeemployo;

- i. payabungin ang mas matatag na daloy ng suplay o *supply chains* na makapag-aambag sa:
 - i. disentang trabaho;
 - ii. pagpananatili ng mga negosyong bahagi ng daloy ng suplay o *supply chains*, kabilang ang mga maliliit na negosyo o *micro, small at medium-sized enterprises*;
 - iii. pagpananatili ng kalikasan; at
 - iv. proteksyon ng at respeto para sa karapatang pantao batay sa tatlong haligi ng UN Guiding Principles on Business and Human Rights at ng ILO Tripartite Declaration of Principles concerning Multinational Enterprises and Social Policy; suportado ng napananatiling pandaigdigang kalakalan at pamumuhunan;
- j. gamitin ang mga oportunidad sa makatarungang transisyong digital at kalikasan upang isulong ang disentang trabaho, kabilang ang pamamaraan sa pamamagitan ng panlipunang diyalogo, kasama ang kolektibong pagkikipagkasundo at tatluhang-panig o *tripartite* na kooperasyon;
- k. bumuo at ipatupad ang komprehensibo, inobatibo at integratibong pamamaraan upang mahinto ang paglago ng impormalidad at pabilisin ang transisyon patungo sa pormal na ekonomiya, partikular na sa paglikha, pangangalaga at pormalisasyon ng mga negosyo at disentang trabaho, na binibigyang pansin ang kanayunang ekonomiya;

B. Proteksyon sa lahat ng manggagawa

- a. maglaan sa lahat ng manggagawa ng sapat na proteksyon, pagtitibay ng respeto para sa mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa, at pagsusulong ng ratipikasyon, implementasyon, at pangangasiwa, na may partikular na pansin sa mga bahaging may malalang puwang na inilantad ng krisis. Kabilang dito ang respeto sa pangunahing prinsipyo at karapatan sa trabaho; sapat na pinakamababang sahod o *minimum wage*, ayon man sa batas o napagkasunduan; pinakamalawig na limitasyon sa oras ng trabaho; at kaligtasan at kalusugan sa trabaho na may partikular na pansin sa mga patuloy na hamon bunsod ng COVID-19 na pandemya;
- b. doblehin ang ibayong pagsisikap na tugunan ang dumaraming paglabag sa pangunahing karapatan bunsod ng pandemya, na may natatanging diin sa pag-aalis ng pagpapatrabaho sa bata at sapilitang paggawa;
- c. ibigay sa mga manggagawang nasa labis na peligrong malantad sa COVID-19 at iyong mga may mas malaking panganib na makaranas ng masamang epekto sa kalusugan, gaya ng mga manggagawang pangkalusugan at lahat ng frontline workers, kabilang ang mga nagtatrabaho sa transnasyonal, na magkaroon ng akses sa bakuna, personal na kagamitang proteksyon, pagsasanay, pagsusuri at psychosocial na suporta, at dapat sila ay sapat na nababayaran at nabibigyang proteksyon sa trabaho, kabilang ang labis-labis na pagtatrabaho;
- d. palakasin ang mga hakbang sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga pampublikong institusyon, pribadong negosyo, nagpapatrabaho, manggagawa at kanilang kinatawan sa:
 - i. probisyon ng nakaayong praktikal na gabay;
 - ii. suporta para sa risk management;
 - iii. pagpapakilala ng angkop na kontrol at mga hakbang sa paghahanda sa emerhensiya;

- iv. mga gabay upang maiwasan ang mga bagong outbreak o ibang panganib sa trabaho; at
- v. pagsunod sa panuntunang pangkalusugan at iba pang gabay at regulasyon kaugnay ng COVID-19;

pagkilala na ang mga ligtas at malusog na kondisyon sa trabaho ay mahalaga sa disenteng trabaho;

- e. ipakilala, gamitin at iayon ang teleworking at iba pang bagong paraan ng pagtatrabaho upang mapanatili ang mga trabaho at mapalawig ang mga disenteng trabahong oportunidad sa pamamagitan, gaya ng ilang pamamaraan, regulasyon, panlipunang diyalogo, kolektibong negosasyon, kooperasyon sa lugar ng trabaho at mga pagsusumikap na mabawasan ang hindi pantay na digital akses, respeto sa mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa at pagkapribado at pagsulong ng proteksyon ng datos at balanse sa trabahobuhay;
- f. panindigan ang patuloy na kahalagahan ng relasyon sa trabaho bilang paraan upang magbigay katiyakan at proteksyong legal sa mga manggagawa, habang kinikilala ang lawak ng impormalidad at agarang pangangailangan upang tiyakin ang epektibong aksyon na makamit ang transisyon tungo sa pormal at disenteng trabaho;
- g. ipatupad, sa pamamagitan ng pampublikong polisiya at negosyong pagsasanay, ang isang transformatibong adyenda para sa pagkakapantay-pantay ng kasarian sa pamamagitan ng:
 - i. pagtiyak sa pantay na bayad sa trabaho na may pantay na halaga, na suportado bukod sa iba pa sa pamamagitan ng pay transparency;
 - ii. pagpapalawig ng mga polisiyang nagbibigay ng sapat na bayad sa pagliban dahil sa pangangalaga at pagtataguyod ng mas balanseng pagbabahagi ng responsibilidad sa trabaho at pamilya;

- iii. pagtataguyod ng paglikha ng empleyo at polisiya sa kaalamang habambuhay na magpapaliit ng puwang sa kasanayan sa pagitan ng mga kasarian;
 - iv. pamumuhunan sa edukasyon, kalusugan, gawaing panlipunan, pangangalagang ekonomiya at iba pang sektor, na tumutugon sa kawalan ng sapat na manggagawa at pagpapahusay ng kondisyon sa trabaho;
 - v. pagtanggap ng legal at iba pang uri ng hadlang na makapasok at umunlad sa edukasyon, pagsasanay, empleyo at career, kabilang ang paglaban sa mabilisang paghusga sa kasarian; at
 - vi. pagpigil at proteksyon laban sa karahasan batay-sa-kasarian at pang-aabuso sa mundo ng trabaho;
- h. isagawa sa lahat ng pampubliko at pribadong sektor ang isang transformatibong adyenda para sa pagkakapantay-pantay, pagkakaiba at pagsasamang naglalayong wakasan ang karahasan at pang-aabuso sa mundo ng trabaho at diskriminasyon sa lahat ng dahilan, kabilang ang lahi, kulay, kasarian, relihiyon, opinyong politikal, pambansang pagkuha at panlipunang pinagmulan, at isinasaalang-ala ang mga partikular na kalagayan at kahinaan ng mga migrante, mga katutubo, mga lahing Aprikano, mga galing sa minoritya, matatanda, mga taong may kapansanan at nabubuhay na may HIV/AIDS;

C. Unibersal na panlipunang proteksyon

- a. makamit ang unibersal na akses sa komprehensibo, sapat at napananatiling panlipunang proteksyon, kabilang ang pambansang tinukoy na sahig ng panlipunang proteksyon, tinitiyak na, sa pinakamababa, sa kabuuang inog ng buhay, na lahat ay may akses sa pangunahing kitang seguridad at sa mahalagang pangangalagang kalusugan, na kinikilala ang karapatang matamasa ang pinakamataas na pamantayan ng kalusugang pisikal at mental na napakahalaga noon pa man;

- b. pahasayin ang akses sa proteksyon mula sa kawalan ng trabaho upang matiyak ang suporta sa mga manggagawang nawalan ng trabaho at kabuhayan sanhi ng pandemya at para maisagawa ang transisyon;
- c. magbigay ng akses sa sapat at bayad na liban dahil sa sakit, at mga benepisyo bunsod ng pagkakasakit at serbisyong pangkalusugan at pagngangalaga, liban dahil sa pamilya at iba pang pampamilyang polisiya para sa lahat ng manggagawa, pagtiyak ng saklaw sa mga kaso ng quarantine at self-isolation at pagbuo ng mas mabilis na mga mekanismo ng paghahatid para sa mga benepisyo;
- d. magbigay ng patas at napananatiling pagpopondo para sa mga panlipunang sistema ng proteksyon sa pamamagitan ng epektibong paggamit ng mga mapagkukunan pati na rin ang pinagtibay na pandaigdigang pagkakaisa at koordinasyon upang matiyak na walang sinuman ang maiiwan;
- e. palakasín ang mahalagang papel ng pampublikong sektor sa pagsuporta sa mga maayos na ekonomiya at lipunan, sa partikular na kinikilala ang mahalagang papel ng pampublikong kalusugan at sistema ng pangangalaga sa mga panahon na may krisis pangkalusugan at maiwasan ang epekto ng pagkabiigla sa hinaharap at mga pandemya;

D. Panlipunang diyalogo

- a. pagbuo sa papel ng panlipunang diyalogo, sa parehong dalawahan at tatluhan-panig o *bipartite* at *tripartite*, na naging makabuluhan sa agarang pagtugon sa pandemyang COVID-19 sa napakaraming mga bansa at sektor, batay sa respeto para sa at pagtaguyod at pagkilala ng mga pagsulong sa mga karapatan sa kalayaang magkapisanan at ang epektibong pagkilala sa karapatan sa kolektibong pakikipagkasundo;
- b. isulong ang panlipunang diyalogo sa partikular upang suportahan ang paghahatid ng mga resultang itinakda sa pandaigdigang panawagan sa pagkilos, kabilang ang sa

pamamagitan ng pagkonsulta ng mga gobyerno sa mga kabalikat sa lipunan o *social partners* sa pagdisenyo at pagpapatupad ng mga pambansang plano sa pagbangon at polisiya na tumutugon sa pangangailangan na mapanatili at makalikha ng disenteng trabaho, pagpapatuloy ng negosyo, at pamumuhunan sa mga sektor at lugar ng prayoridad, sa parehong pampubliko at pribado, upang matiyak ang isang hitik sa trabaho na pagbangon;

- c. patatagin ang kapasidad ng mga pampublikong administrasyon at ng mga organisasyon ng mga nagpapatrabaho at ng mga manggagawa upang makalahok sa diyalogo bilang paraan ng pag-unlad at pagpapatupad ng rehiyonal, pambansa, sektoral at mga lokal na pagbangong estratehiya, polisiya at programa.

► II. Ang pamumuno ng ILO at ang pagsuporta sa nakasentro sa taong pagbangon na mapanlahat, nananatili at matatag

12. Ang ILO, na may mandato para sa panlipunang katarungan at disenteng trabaho, ay dapat gawin ang papel na pamunuan ang kanilang sinasaklawan at ng pandaigdigang sistema sa pagsulong ng nakasentro sa taong pagbangon mula sa krisis ng COVID-19 na mapanlahat, napananatili at matatag. Sa pamamagitan ng nakatutok at napabilis na implementasyon ng ILO Sentenaryong Deklarasyon, mapapalakas nito ang suporta sa mga ginagawang pagbangon ng mga Miyembrong Bansa at magamit ang suporta ng mga iba't ibang multilateral na organisasyon at pandaigdigang institusyon habang aktibong nakikibahagi sa sistema ng United Nations na pabilisin ang pagpapatupad ng 2030 Adyenda.
13. Upang matulungan ang mga gobyerno at mga organisasyon ng mga nagpapatrabaho at ng mga manggagawa na makabuo ng mas mahusay na pagsulong mula sa krisis, ang ILO ay gagamitin ang lahat ng paraan ng aksyon upang suportahan ang disenyo at implementasyon ng mga estratehiya sa pagbangon nang walang sinuman ang naiwan. Sa layuning ito, ang ILO ay palalaksin ang suporta nito sa mga gawain ng mga Miyembrong Bansa na:

- a. makalikha ng mapanlahat at napananatiling paglago ng ekonomiya, trabaho at panlipunang kaunlaran, pagtaas ng suporta para sa pagpapaunlad ng polisiya at mga paraan na:
 - i. makabuo ng empleyong-masinsinan na mga pamumuhunan o *employment-intensive investments*;
 - ii. palakasin ang mga aktibong polisiya sa merkado ng paggawa;
 - iii. itaguyod ang isang makapanghikayat na kapaligiran para sa pagnenegosyo at napananatiling negosyo;
 - iv. palakasin ang pagiging produktibo sa pamamagitan ng pagkakaiba-iba at inobasyon;
 - v. pagkamit ng pinakamataas na potensyal ng pag-unlad ng teknolohiya at *digitalization*, kabilang ang trabahong *platform*, upang makalikha ng disenteng trabaho at napananatiling negosyo, magkaroon ng malawakang panlipunang partisipasyon sa mga benepisyo at makatugon sa mga panganib at pagsubok, kabilang ang pagbabawas ng *digital divide* sa pagitan ng mga tao at mga bansa;
 - vi. itaguyod ang mga oportunidad para mapaunlad ang kasanayan na tumutugon sa pangangailangan ng merkado ng paggawa at sumusuporta sa epektibong transisyon ng mga kabataan mula sa edukasyon at pagsasanay tungo sa trabaho; at
 - vii. isulong ang mga paggabay, pagsasanay at empleyong serbisyo na nagbibigay sa nakatatandang manggagawa ng mga pasilidad, payo at tulong na maaari nilang kailanganin upang maparami ang kanilang mapagpipilian, mapalawak ang kanilang oportunidad na magkapagtrabaho sa may magandang-kalidad, produktibo at malusog na kondisyon hanggang sa kanilang pagreretiro, at magkaroon ng aktibong pagtanda;
- b. protektahan ang lahat ng mga manggagawa, kabilang ang pagpapalakas ng gabay sa polisiya, pagbuo ng kapasidad at tulong teknikal na may pagsuporta sa:

- i. maayos na relasyon sa paggawa at pagtataguyod ng mga legal at institusyonal na balangkas batay sa mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa, kabilang ang pangunahing prinsipyo at karapatan sa trabaho, at ang partikular na diin sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho sa konteksto ng karanasan sa COVID-19 na pandemya;
 - ii. unahin at ipakilala ang mga estratehiya na tumutugon sa impormal na ekonomiya at mga uri ng trabahong walang katiyakan, na partikular na naapektuhan ng krisis, kabilang sa pamamagitan ng pananaliksik, kaunlarang kooperasyon at mga interbensyon sa polisiya at gabay; at
 - iii. pagpananatili ng mga trabaho at pagtaas ng katatagan ng merkado ng paggawa sa mga krisis at pandemya;
- c. makamit ang unibersal na akses sa komprehensibo, sapat at napananatiling panlipunang proteksyon, kabilang ang mga sahig, na nagtitiyak sa seguridad ng kita at proteksyong pangkalusugan at nagbibigay-daan sa mga tao, kabilang ang self-employed at mga manggagawa sa impormal na ekonomiya, na makayanan ang mga hamon sa buhay at trabaho gaya ng mga bunsod ng COVID-19 na krisis;
 - d. palakasin ang kapasidad ng mga administrasyon ng paggawa, mga inspektor sa paggawa at iba pang mahalagang awtoridad upang tiyakin ang implementasyon ng mga pamantayan at regulasyon, lalo na ukol sa panlipunang proteksyon at kaligtasan at kalusugan sa trabaho;
 - e. paggamit ng panlipunang diyologo sa disenyo at implementasyon ng mga estratehiya sa pagbangon, pagpapalakas ng kapasidad ng organisasyon ng mga nagpapatrabaho at ng mga manggagawa na makilahok sa pambansang estratehiya sa pagbangon at masuportahan ang kanilang mga miyembro sa pagbangon, kabilang sa pamamagitan ng International Training Centre ng ILO at mga kasapi sa pagsasanay.

14. Paggigiit sa kahalagahan ng multilateralismo, partikular sa pagtugon sa mga epekto ng COVID-19 na krisis sa mundo ng trabaho, ang ILO ay palalakasin ang kooperasyon sa mga kaugnay na multilateral at rehiyonal na mga organisasyon at mga proseso upang makamit ang matibay at magkakaugnay na pandaigdigang tugon sa pagsuporta sa pambansang estratehiya sa pagbangon, kabilang nang sa gayon na:
- a. makipag-ugnayan sa probisyon ng teknikal at pananalapi na suporta upang mapalaki ang epekto ng mga benepisyo sa empleyo at disenteng trabaho, na may natatanging pagtuon sa mga pinakamahina at pinakaapektadong tao at mga labis na tinamaang sektor;
 - b. unahin ang pambansang polisiya at kaunlarang kooperasyon; respeto para sa pangunahing prinsipyo at karapatan sa trabaho; ratipikasyon at implementasyon sa batas at kaugalian ng mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa; pagpapaunlad ng kasanayan at kaalamang habambuhay at iba pang aktibong polisiya sa merkado ng paggawa; pagkakapantay-pantay ng kasarian; kaligtasan at kalusugan sa trabaho; at paglalaan ng pondo sa pagpapatuloy ng mga negosyong labis na naapektuhan ng krisis, kabilang ang mga maliliit na negosyo o *micro, small* at *medium-sized enterprises*;
 - c. tulungan ang mga Miyembrong Bansa sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiyang pananalapi na may pandaigdigang pagsuporta sa komprehensibo at napananatiling sistema ng panlipunang proteksyon na may layuning komprehensibo, sapat at napananatiling unibersal na panlipunang proteksyon, kabilang ang mga sahig, alinsunod sa mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa;
 - d. iugnay ang mga layunin ng disenteng trabaho at tulong sa pagbuo ng kapasidad na mas malapit sa mga pandaigdigang polisiya sa pagnenegosyo at pamumuhunan upang mapalawak ang mga benepisyo ng pandaigdigang kalakalan at pamumuhunan at isulong ang disenteng trabaho, pagpananatili ng kalikasan, at napananatiling negosyo sa mga daloy ng suplay o *supply chains*, na isinasaalang-ala ang malakas, mabusisi at mahalagang ugnayan sa pagitan ng panlipunan, kalakalan, pananalapi, ekonomiya at kalikasan na mga polisiya;

- e. isulong ang piskal, pera at kalakalan at puhunan na mga polisiya na naglalayong makamit ang mapanlahat, napananatili at matatag na paglago ng ekonomiya pati na rin ang buo, produktibo at malayang piniling empleyo at disenteng trabaho, kasama sa pamamagitan ng pagpapahusay ng pang-unawa sa mga potensyal na benepisyo ng makroekonomiyang epekto ng nakasentro sa taong paraang itinakda ng ILO Sentenaryong Deklarasyon;
 - f. bawasan ang hindi pagkakapantay-pantay, maging pormal ang impormal na ekonomiya, tumugon sa mga kawalan ng katiyakang uri ng trabaho at pagsulong ng isang mapanghikayat na kapaligiran para sa pagnenegosyo at napananatiling negosyo;
 - g. isulong ang pananaliksik at paghusayin ang datos ukol sa potensyal ng Sustainable Development Goals na makalikha ng disenteng trabaho upang tulungang ituon sa pagpondo ng mga kaunlarang estratehiyang para sa empleyong-masinsinan na mga pamumuhunan o *employment-intensive investments* at makatarungang transisyon sa pagpananatili ng kalikasan, kabilang ang pabilog na ekonomiya o *circular economy*, na mahalagang bahagi sa proseso ng pagbangon;
 - h. isulong ang pandaigdigang kooperasyon at mekanismo sa pagkakaisa upang magtulungan tungo sa patas na pamamahagi ng bakuna kontra COVID-19 at kawalan ng diskriminasyon na may kinalalaman sa sertipikasyon sa COVID-19.
15. Makikipagtulungan ang ILO sa iba pang institusyong multilateral upang bumuo ng pangkalahatang pulong sa polisiya, na may pamamaraang itatakda ng Governing Body, tungo sa pagkilos na matatag at magkaugnay na pandaigdigang tugon bilang suporta sa mga Miyembrong Bansa na nakasentro sa taong pagbangon na mga estratehiya na mapanlahat, napananatili at matatag, kabilang ang mga pinagsamang inisyatiba at mga pinahusay na kasunduang institusyonal sa pagitan ng mga pandaigdigang at rehiyonal na mga organisasyon.

Pagsusulong ng panlipunang katarungan, pagtataguyod ng disenteng trabaho
Advancing social justice, promoting decent work
Faire progresser la justice sociale, promouvoir le travail décent
Impulsar la justicia social, promover el trabajo decente